

Pagbabakuna sa Monkeypox sa New Jersey

Ang bakuna para sa monkeypox ay tinatawag na JYNNEOS.

Sa kasalukuyang limitadong supply ng bakuna ng JYNNEOS sa New Jersey, **ang mga sumusunod na residente ay maaaring maging karapat-dapat para sa pagbabakuna***.


Mga taong:



Nakilala ang pakikipag-ugnayan sa isang taong nagpositibo sa orthopox virus o monkeypox virus sa loob ng nakalipas na 14 na araw



Dumalo sa isang pagtitipon kung saan naganap ang kilalang pagkakalantad sa monkeypox sa loob ng nakalipas na 14 na araw



Nagkaroon ng maraming sex partner sa nakalipas na 14 na araw sa mga lugar kung saan naiulat ang monkeypox

Ang sinumang magpahayag ng kanilang pagiging karapat-dapat (pagkakaroon ng maraming sex partner o dumalo sa isang pagtitipon kung saan naganap ang pagkakalantad sa monkeypox) ay karapat-dapat para sa pagbabakuna.

Ang kasalukuyang mga pagsuusmikap sa pagbabakuna ay nakatuon sa mga di-proporsyonal na apektadong grupo, kabilang ang mga bakla at bisexual na lalaki, at iba pang mga lalaki na nakikipagtalik sa mga lalaki. Ito ay maaaring magbago sa paglipas ng panahon.

*Ang New Jersey ay umaasa ng mga karagdagang dosis mula sa CDC. Habang ang Estado ay nakakakuha ng karagdagang supply, ang Kagawaran ay patuloy na magpapalawak ng access sa bakuna.

Para sa karagdagang impormasyon at lokasyon ng bakuna, bisitahin ang <https://bit.ly/njmpx> o i-scan ang QR code:



NJ Health
New Jersey Department of Health



Monkeypox:

Ano ang Kailangan Mong Malaman

Ang monkeypox ay isang impeksyon dulot ng isang virus. Ang mga sintomas ay maaaring banayad, ngunit ilang mga kaso ay maaaring maging malubha at nangangailangan ng pagpapaospital.

Narito ang kailangan mong malaman para manatiling ligtas at maiwasan ang pagkalat ng impeksyong ito.


Ano ang mga sintomas ng monkeypox?



Maaaring kabilang sa mga sintomas ang:

- Mga pantal, bukol, o paltos na maaaring nasa o sa paligid ng ari o iba pang bahagi (gaya ng mga kamay, paa, mukha, o dibdib)
- Na maaaring kapareho ng mga karaniwang impeksyon na nakukuha sa pakikipagtalik o iba pang mga pantal sa balat tulad ng shingles o poison ivy

Maaaring mangyari ang mga sintomas na tulad ng trangkaso bago ang pantal gaya ng lagnat, pananakit ng ulo at katawan, namamaga na mga lymph node, at panginginig



Paano kumakalat ang monkeypox?

Ang monkeypox ay kumakalat sa pamamagitan ng malapit, pisikal na pakikipag-ugnayan sa pagitan ng mga tao, kabilang ang:



Direktang kontak sa may monkeypox rashes



Ang mucus o laway (dumura) sa panahon ng matagal, harapang pakikipag-ugnayan o intimate na pisikal na pakikipag-ugnayan, gaya ng paghalik, pagyakap, o pakikipagtalik



Ang paghawak sa mga bagay na ginagamit ng isang taong may monkeypox gaya ng mga tuwalya, bed linen, at damit

Maaaring kumalat ang monkeypox mula sa oras na magsimula ang mga sintomas hanggang ganap na gumaling ang pantal at magkaroon ng bagong layer ng balat.

Paano maiiwasan ang monkeypox?



Tanungin ang iyong mga sexual partner kung mayroon silang pantal o iba pang sintomas ng monkeypox



Iwasan ang skin-to-skin na kontak sa isang taong may pantal o iba pang sintomas ng monkeypox



Iwasang madikit ang mga materyales gaya ng sapin, tuwalya, damit, o iba pang bagay na ginagamit ng taong may impeksyon.



Hugasan nang mabuti ang iyong mga kamay gamit ang sabon at tubig, o gumamit ng alcohol-based na hand sanitizer pagkatapos makipag-ugnayan sa mga taong nahawahan.

Ano ang dapat kong gawin kung mayroon akong mga sintomas o kung sa tingin ko ay mayroon akong monkeypox?

Kung mayroon kang anumang mga sintomas ng monkeypox, makipag-ugnayan sa iyong **tagapagbigay ng pangangalagang pangkalusugan, sentro ng agarang pangangalaga, o ospital** kaagad.

- Tumawag ka muna bago umalis upang maging handa sila na ihiwalay ka sa ibang tao.
- Siguraduhing magsuot ng mask at takpan ang mga sugat hangga't maaari
- Ipaalam sa iyong tagapagbigay ng pangangalagang pangkalusugan kung naglakbay ka kamakailan, nakipag-ugnayan sa isang taong may katulad na pantal o sa isang tao na nasuri na may monkeypox
- Magpsuri kung ito ay inirerekomenda ng iyong tagapagbigay ng pangangalagang pangkalusugan; Kasama sa pagsusuri ang pagkolekta ng mga swab ng pantal
- Humiwalay sa bahay habang nakabinbin ang mga resulta ng pagsusuri



Ano ang gagawin kung nagpositibo ka?

- ✓ Humiwalay hanggang sa malunasan ang lahat ng mga sugat, natanggal ang mga langib, at isang bagong layer ng buong balat ang nabuo (karaniwan ay 2-4 na linggo).
- ✓ Manatili sa bahay maliban kung kinakailangan para sa mga emergency o follow-up sa pangangailangang medikal.
- ✓ Kung maaari, gumamit ng hiwalay na banyo kung may iba pang nakatira sa iisang tahanan.
- ✓ Magsuot ng may pinakaangkop na mask o respirator kung kailangan mong makasama ang ibang tao sa bahay.
- ✓ Regular na linisin at disimpektahin ang mga pangkaraniwang nahahawakan gamit ang isang EPA-registered disinfectant.
- ✓ Maghugas ng kamay gamit ang sabon at tubig at gumamit ng hand sanitizer na may hindi bababa sa 60% na alkohol.
- ✗ Umiwas mula sa lahat ng sekswal na aktibidad.
- ✗ Iwasan ang malapit na pakikipag-ugnayan sa ibang tao at mga alagang hayop sa bahay.
- ✗ Iwasan ang paggamit ng mga contact lens upang maiwasan ang impeksyon sa mata.
- ✗ Iwasan ang pag-ahit sa mga bahagi ng katawan na may paltos o sugat upang maiwasan ang pagkalat ng virus.

Ano ang dapat kong gawin kung sa tingin ko ay nalantad ako sa monkeypox?



Makipag-ugnayan sa iyong lokal na kagawaran ng kalusugan kaagad



Magpabakuna kung inirerekomenda ng opisyal ng pampublikong kalusugan



Subaybayan ang mga sintomas sa loob ng 21 araw